# 1

Maganda ang paligid ng *Rancho Montreal*, nagtatayugan ang punong-kahoy at sari-saring halaman at bulaklak ang nasa palibot nito.

Kinikilala ang pamilya sa lugar na iyon hindi lamang sa yaman, kundi sa husay rin sa pakikipagkapwa-tao. Ang mag-asawang Alberto at Susana ay malapit sa mga tao, walang pinipiling kaibiganin—mayaman o mahirap. Nagpo-produce pa ang mga ito ng maraming trabaho sa bayang iyon.

Mula sa makakapal na talahib ay may mga matang nakatunghay sa lupaing kinasasakupan ng pamilya Montreal. Alerto ang mga matang iyon at nagmamatyag sa kung sinumang paparating.

Mayamaya pa ay tila nainip na ang mga matang iyon sa paghihintay ng kanyang target at lumabas mula sa matataas na damo.

Iyon ay si Carolina Montreal, ang bunsong anak ng mag-asawang may-ari ng rancho. Inililipad ng hangin ang mahaba niyang buhok na kulot at tila sing-itim ng gabi. Maganda rin siya tulad ng mga nakatatandang kapatid, ngunit hindi katulad

ng dalawa na mahinhin at sunod sa uso ang mga kasuotan. Madalas sabihin ng mga tao na boyish siya at may pagka-weirdo. Pinagkikibit-balikat na lang niya ang mga iyon.

Mula sa pinagkukublihan, kumapit siya sa malaking bato na nasa kanyang harapan para makatayo. Mukhang wala talagang nakakita sa kanya; magiging madali na ang gagawin niyang pagtakas.

Bumalik sa kanyang diwa ang pag-uusap nila ng ama kaninang umaga na nagbunsod sa kanya para umalis ng mansion nang patakas…

*"You will do what I want, Carolina, and that's final." Dumadagundong ang boses ng don na nakatunghay sa kanya.*

*Palagi itong mahinahon at sa unang pagkakataon, siya ang nakatikim ng galit ng ama.*

*"No, Papa, pakakasalan ko lang ang lalaking mahal ko," sagot niya na halos pasigaw rin. Hindi niya gustong magpakita ng takot dito.*

*"You will learn to love him in due time. Tingnan mo ang mga kapatid mo, pinakasalan nila ang mga lalaking gusto ko para sa kanila and now, masaya sila kapiling ang kanilang mga pamilya."*

*"Hindi naman ako sila, Papa. Iba ang sitwasyon ko sa kanila. Si Ate Divina, hindi ba't dati na niyang kilala si Kuya Roger? Si Ate Monica, kaibigan niya talaga si Kuya Bob. At kahit pareho kami ni Ate Lilybeth na hindi kilala ang pakakasalan, hindi pa rin sigurado na matutulad ako sa kanya. Paano kung sa pagdaan ng panahon ay hindi ko pa siya matutuhang mahalin at mauuwi lang sa paghihiwalay ang pagsasama namin? Maaatim n'yo bang mangyari sa akin 'yun?" Mahinahon ang pagkakasabi niya niyon; umaasang mauunawaan at maiintindihan siya ng ama.*

*But to her dismay, ni hindi man lang nagbago ang expression ng matanda. "Si Simon ay mabait na bata, I've known him since he was a kid. At natitiyak kong katulad din siya ng mga brothers-in-law mo." Umiling-iling siya sa kawalan ng masasabi. "I assure you, hija. He's going to be a good husband. He'll take care of you. Kapag nakilala mo siya nang tuluyan, you'll like him instantly."*

No! *Bagaman hindi lumabas sa kanyang bibig ang salitang iyon, bakas sa mukha niya ang pagtutol. Dahilan para lalong maging matigas ang anyo ng don na noon ay laging maintindihin sa kanya. Siya ang paborito nito sa kanilang magkakapatid.*

*Nag-aalsa ang kalooban na tinalikuran niya ito.*

*Pero nakakailang hakbang pa lang siya nang muling nagsalita ang kanyang papa. "Carolina, oras na suwayin mo ako, iiwan mo ang bahay na ito. Tingnan ko lang kung kaya mong mabuhay nang wala kami. Wala kang ibang dadalhin bukod sa mga suot mo."*

*"Papa…" Gusto na niyang mag-breakdown nang sandaling iyon.*

Malalim ang tampo sa kanya ng ama, alam ni Carolina. Pero sino ba ang makasisisi sa kanya kung maghimagsik man siya nang ganito? Kasal ang pinag-uusapan nila, sakop niyon ang kinabukasan niya. Ayaw niyang magsisi sa bandang huli.

Kung mayroon nga lamang siyang maipapakilalang nobyo sa ama, siguro magiging magaan ang problema niya.

Ngunit sino naman ang ipapakilala niya rito? Ni hindi pa nga siya nagka-boyfriend sa buong buhay niya. Iilan ang nagtangkang manligaw sa kanya; para raw kasi siyang lalaki.

Noong college siya ay palagi siyang sinisita ng ina sa kanyang mga kilos at pananamit, kaya binawasan naman niya ang pagiging boyish, nagpahaba ng buhok at natuto na rin siyang magpalda at bestida.

Bumalik ang isip ni Carolina sa kinakaharap

na problema. Ano ngayon ang gagawin niya? Ayaw niyang pakasalan ang lalaking ni hindi niya kilala.

Kung naroon nga lamang ang kanyang Kuya Gabby, may kakampi sana siya. Panganay ito at sila ang partners in crime sa lahat ng bagay. Bine-baby siya nito and despite their age gap, very close sila at nagkakasundo mula sa pagkain, sports at maging sa mga kalokohan. Kaya lang, sa kasalukuyan ay nasa labas ito ng bansa.

Pero gaano nga ba siya kasigurado na papanigan siya ng kanyang kuya sa pagkakataong ito? Ang pinakaayaw ng Kuya Gab niya ay ang suwayin niya ang mga magulang.

An idea came to her mind. Hindi siya magpapakita sa sinumang herodes na fiancé niya umano. Alam niyang ngayong araw ito darating sa hacienda at ang dapat niyang gawin ay umalis sa mansion.

Sa likod ng malaking bahay siya nagdaan papalabas…

UNTI-UNTI siyang lumapit sa bakod na hanggang baywang lamang niya kaya hindi siya nahirapang tawiran.

Ang kinaroroonan niya ay malapit sa kuwadra. Balak niyang mangangabayo habang nag-iisip ng susunod na gagawin.

Lumapit siya sa kuwadra nang dahan-dahan sa takot na makita siya ng mga tauhang loyal sa kanyang papa. Nang malapit na siya sa kuwadra ay muntikan na siyang mapahiyaw at agad na nagkubli sa isang dingding. Paano, may nakita siyang isang lalaki roon. Dahan-dahan niyang inangat muli ang ulo para tingnan kung sino iyon.

Nakaupo ang lalaki sa paanan ni Lightning, ang paboritong kabayo ng kanyang papa at parang may tinitingnan doon.

Nagulat siya nang mapagtantong may tauhan pala sa rancho na ganoon kaganda ang katawan. Nakahubad ang lalaki at fitted jeans lang ang suot kaya kita ang muscles nito, lalo na sa biceps. Kahit nakatalikod ito sa kanya ay natitiyak niyang malapad ang dibdib nito.

*The man is really a hunk!*

Nabigla siya sa kaisipang iyon. Kailan pa siya nagkainteres sa isang lalaki? Lalo na sa pigura nito?

Napasinghap si Carolina nang tumayo ang estranghero at humarap; kitang-kita niya mula sa

pinagkukublihan ang guwapo nitong mukha. He reminded her of a famous Hollywood actor. Ewan niya kung bakit gusto niya itong lapitan. At ganoon nga ang kanyang ginawa.

Kitang-kita niya ang pagkagulat sa mukha ng lalaki nang makita siya. Matagal itong tumingin sa kanya at na-realize ni Carolina na lalo pala itong guwapo sa malapitan.

Binigyan niya ito ng matamis na ngiti and showed her white sparkling teeth.

"Hi. What are you doing here? Wala ba kayong shooting sa Hollywood?" natatawang untagniya; walang pakialam anuman ang isipin nito sa kaderechahan niya.

Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa, ibig na ni Carolina na pagtaasan ito ng kilay. Ano ang karapatan nitong insultuhin siya, feeling niya maganda naman siya nang sandaling iyon dahil hindi siya lumalabas ng bahay nang hindi presentable ang hitsura.

"What a lame pick-up line," anito kapagkuwan ay ibinalik na ang paningin sa ginagawa.

"Suplado!" nainis na asik niya. Sa totoo lang, ngayon lang niya ginawa na magbukas ng pakikipag-

usap sa isang lalaking hindi niya kilala, pagkatapos ay nainsulto pa siya?

Tila naman nairita ito; tumayo at hinarap siya. “Look, Miss, can you just please leave me alone? Medyo nakakaistorbo ka kasi,” walang emosyong sabi nito.

“Aba’t…” Muntik-muntikan na niyang tuhurin ito kung hindi lamang ito mas matangkad sa kanya. “Kilala mo ba kung sino ako?” nakapamaywang na tanong niya.

“Actually, hindi. Pero sa ipinapakita mong asal, parang alam ko na kung sino ka.”

Tumaas ang kilay niya. Ano ang ibig sabihin nito sa sinabing iyon?

“Anak ka ng may-ari ng ranchong ito,” patuloy ng estranghero.

“At ano’ng ibig mong sabihing dahil sa ipinapakita kong asal kaya nalaman mo kung sino ako? Ano’ng gusto mong palabasin?”

“You can’t blame me to think that way. Ganyan nga ang impresyon ko sa ’yo base sa mga kuwento ng iyong papa.”

Gusto na niyang ipatikim dito ang natutunan

niya sa martial arts sa mga summer classes na pinasukan niya. Pero pinalampas niya iyon.

"So bisita ka ng Papa kung gan'un?" Lahat ng mga trabahador ng rancho ay kilala niya at ang lalaking ito ay ngayon lamang niya nakita.

"Oo, pinakiusapan niya akong tingnan ang kondisyon ng kabayo niya." Naalala niyang malapit na nga pala ang horse race kung saan suki ang ama sa pagsali.

"So isa kang hinete?" Hindi ito sumagot. "Alam mo, suplado ka. Sayang, guwapo ka pa naman."

"Kamahalan, kung inyong mamarapatin marami pa akong ginagawa. Kung gusto n'yong kumuha ng kabayo rito, sabihin n'yo lang ho." Tiningnan siya nito na parang inip na inip.

"Who do you think you are para diktahan ako? Puwede kitang ipatapon sa labas ng hacienda," taas-noong sabi ni Carolina, pero ni hindi man lang ito natinag.

"Paumanhin po. Medyo marami pa akong kailangang gawin. Kailangan ko ring tumulong sa paghahanap sa isang makulit at matigas ang ulong kabayo."

"May nawawalang kabayo si Papa?"

"Ang bunso niyang anak." Ngumisi ito.

Kumulo ang dugo ni Carolina. Ikinumpara ba naman siya sa isang kabayo!

"Sige, diyan ka na." Tumalikod ito.

"Ako ang tinawag mong kabayo, gunggong!"

"What did you call me?" Naniningkit ang mga mata nito nang muling harapin siya.

"Sabi ko, ako ang tinawag mong kabayo, A*shole!"

Mabagal itong lumapit sa kanya. "You know, I should slap you for calling me that. Pero sa tingin ko, you deserve a better punishment." Ngumisi ito. "A kiss you won't ever forget for the rest of your life."

Napalunok si Carolina. *Halik!* Hindi niya napigilan ang malikot na imahinasyon. Paano nga kaya ang mahalikan nito? Napangiti siya sa naisip.

"Sa expression mo ay parang gusto mong magpahalik," nakangisi nitong sabi.

"Ang kapal ng mukha mo," namumulang aniya.

"Puwes kung ayaw mong mahalikan, huwag mo

na uli akong tatawagin nang gan'un."

Tatalikod na sana ito nang muli niyang tawagin. "Wait!" pigil niya.

Ngising-ngisi ito nang humarap. "Ano pumapayag ka nang halikan kita?"

Inirapan niya ito. "Alam mo ba kung bakit ako hinahanap ni Papa at bakit ayaw kong magpakita?"

Bahagyang nalukot ang guwapong mukha nito; nakuha niya ang atensyon nito.

"Pinipilit niya kasi ako na pakasalan ang isang lalaking ni hindi ko pa nakikita. Kung ikaw ang nasa katayuan ko, gayundin naman ang gagawin mo, di ba?"

Matagal muna itong nag-isip bago magsalita. "But I'm also open to the idea na kilalanin muna ang mapapangasawa ko at hindi ang tumakas. Malay mo, baka magustuhan mo siya," sabi nito.

"What if he's a wife-beater pala? O kaya addict? O may lahing mangkukulam? Gosh, I can't believe na papasukin ko ang sitwasyong gan'un."

"Do you think pipili ang papa mo ng gan'un para sa 'yo?" Kunot na kunot ang noo ng kausap.

"Naroon na ako. But what about love? Hindi ba dapat kinukonsidera iyon kapag magpapakasal ang dalawang tao?"

"Kaya ka siguro tatakas, 'no? Narito ba ngayon ang lalaking pakakasalan mo?"

Umirap siyang muli. "Excuse me, hindi pa ako pumapayag. I'd rather die than marry a guy I don't know."

"Why don't you take a chance to know him first?"

Sunud-sunod ang pag-iling niya. "Never!"

Napabuntong-hininga ito at saglit na natahimik. Mayamaya, "Then why are you telling me this?"

"Dahil gusto kong humingi sa 'yo ng pabor, kung puwede." Saka niya ito binigyan ng mapang-akit na ngiti; hindi niya ito bibigyan ng pagkakataon para hindian siya.

"What is it?" tanong ng lalaki.

Nabuhayan siya ng pag-asa sa tanong nitong iyon. Naisip niyang baka tuluyan nang kalimutan ng papa niya ang tungkol sa arranged marriage kung may ipiprisinta siyang boyfriend dito—na siyang gaganapang papel ng lalaking ito na kaharap niya.

“I’m thinking kasi na magpapakilala ako kay Papa ng boyfriend.”

“So what’s the problem? May nobyo ka naman pala.”

Pumadyak si Carolina na parang bata; hindi nito maintindihan ang ibig niyang sabihin.

“Iyon na nga ang problema. Wala naman kasi akong nobyo.”

“Talaga, sa ganda mong ’yan?”

Lihim na kinilig si Carolina sa sinabi ng lalaki, masarap sa pakiramdam na maganda pala siya sa paningin nito. Tila nawala rin ang pagkayamot nito sa kanya, they were talking like civil people now.

Medyo nag-alangan siyang sabihin dito ang plano niya. “Naisip kong humingi ng pabor sa ’yo… na maging nobyo ko temporarily!”

“Magpapanggap akong nobyo mo?”

Tumango siya.

Ganoon na lang ang lakas ng naging tawa ng estranghero, pero hindi iyon masakit sa pandinig. Pakiramdam pa nga niya ay parang musika iyon.

# 2

"Ano'ng nakakatawa?" napipikong untag ni Carolina sa lalaking walang tigil sa kakahalakhak.

"Hindi naman siguro tanga ang papa mo. Alam niya na ngayon lang tayo nagkakilala so paano niya iyon paniniwalaan?"

"Simple lang. Let's tell them na matagal na tayong nagkakilala, tutal madalas naman akong lumuwas ng Maynila lately. Teka, taga-Maynila ka nga ba?"

Tumango ito, napangiti siya. "Sabihin nating sa Maynila tayo nagkakilala at niligawan mo ako. At kaya ka pumayag sa gusto ni Papa na pumunta dito ay dahil gusto mo akong makita at para ipagtapat sa kanila ang tungkol sa atin."

Nakatitig lang ito sa kanya na tila hindi makapaniwala sa mga sinasabi niya. Well, she could not blame him.

"Bakit hindi mo muna bigyan ng pagkakataon na kilalanin ang lalaking iyon? Baka-sakaling magustuhan mo siya," anito mayamaya. Napakalamig na ng boses nito. Nalito si Carolina

kung bakit biglang nagbago ang mood nito. Kanina lang ay parang pumayag na ito… o pakiramdam lang ba niya iyon?

"I've made up my mind. Now, pumapayag ka ba sa gusto kong mangyari?"

Matagal bago ito nakasagot. "Kung sakaling pumayag ako sa gusto mo at mangyari ang mga bagay ayon sa gusto mo, ano'ng mangyayari pagkatapos?"

Natigilan si Carolina sa tanong na iyon. Hindi rin niya alam ang sagot doon.

"Let's cross the bridge when we get there, okay? In the mean time, ang isipin muna natin ay kung paano natin sila mapapaniwala." Nakita niya ang pagdadalawang-isip sa guwapong mukha nito. "Maaatim mo bang mapariwara ako sa kamay ng isang herodes na ni hindi ko alam ang pangalan, pero pakakasalan ko?" pangongonsyensya pa niya. Nagpaawa pa siya ng hitsura.

"Okay! Okay!" Itinaas pa nito ang mga kamay tanda ng pagsuko. "Sige, pumapayag na ako." Sa sobrang tuwa ni Carolina ay nayakap niya ito.

Nagulat ang lalaki sa inasal niya. *This woman is very hot! God, help me.* Hindi nito napigilan na hapitin pa ang dalaga palapit pa lalo.

Saka lang na-realize ni Carolina ang ginawi. Hindi nakaligtas sa kanyang pakiramdam ang kakaibang kiliting iyon na naglakbay sa kanyang mga ugat. The feeling was unusual at aaminin niyang ngayon lang niya iyon naramdaman sa isang lalaki.

Tumikhim siya at unang kumalas dito. “You just don’t know how happy I am.”

“I just want to help you.”

Ngumiti siya. “By the way, kanina pa tayo nag-uusap pero hanggang ngayon hindi ko pa alam ang pangalan mo. Ako nga pala si Carolina. Carolina Montreal.” Inilahad niya ang kamay rito.

“Oliver.”

“Hmm, nice name. Oliver. Ano surname mo?”

“Puwede na nating umpisahan ang plano mo. Siguro naman ngayon, puwede ka nang magpakita sa inyo. Baka kasi nag-aalala na ang iyong papa.”

Nagkibit-balikat siya nang tila binale-wala nito ang tanong niya. “Okay. Mukha namang mabuti kang tao at hindi mo ako lolokohin. Now I have the guts na magpakita sa Papa at ipaglaban ang karapatan ko. Shall we?”

“Wait!” pigil muna ni Oliver. Kumunot ang noo

niya. “Puwede mo ba akong bigyan ng ilang minuto? May tatawagan lang ako.”

“Okay.”

Tumango siya. “Excuse me!” Lumakad ito palayo sa kanya.

Pinagmasdan niya ito mula sa kinaroroonan, ilang metro mula rito. Sigurado siyang hindi ito basta hinete lang. Bagong modelo ang cellphone na gamit nito. And he was also wearing signature pants.

Matagal itong may kinausap sa telepono. Sino kaya iyon? Girlfriend marahil. Baka nagpapaalam ito dahil sa kanyang pabor. Gusto niyang pakinggan ang sinasabi nito, pero sobrang hina ang boses nito kaya hindi niya magawa.

Sandali pa, nakikipagtawanan na ito sa kausap sa cellphone. She must admit, she liked him in an instant and the idea that Oliver has a girlfriend already was not easy to accept.

Napukaw ang malalim niyang pag-iisip nang magsalita ito. “Shall we go?”

“Okay!” Nagpatiuna na si Carolina sa paglakad.

Hindi pa man sila nakakalayo ay naramdaman

niya ang mainit na kamay nito na humawak sa kanyang palad. Muli niyang naramdaman ang tila bolta-boltaheng kuryenteng naglakbay sa katawan niya. Pakiramdam niya ay hihimatayin siya.

"What are you doing?" asik niya rito kunwari, sabay hatak sa kamay.

"Dapat ngayon pa lang masanay ka na, we are pretending as lovers, aren't we? Kaya huwag ka nang magugulat kapag ginagawa ko ito kung ayaw mong mabuking nila tayo." Muli nitong kinulong sa palad ang maliit niyang kamay. Panalangin lang niya, hindi nito mahalata na hindi siya komportable sa pagkakadaiti ng kanilang mga balat.

Magkakapit-kamay nilang binagtas ang daan papasok ng mansion, sa likod sila dumaan dahil naaayon iyon sa plano. Tahimik at walang ingay nilang tinahak ang hagdanan papunta sa kanyang kuwarto. Palinga-linga si Carolina sa paligid, walang katau-tao sa paligid.

Nakahinga siya nang maluwag nang marating nila ang kanyang kuwarto. Muntik na siyang makalikha ng ingay nang walang anu-ano ay bigla na lang nadapa si Oliver pagpasok nila sa kanyang kuwarto.

"What are you doing?" nag-aalala niyang tanong habang tinutulungan itong tumayo.

"Kuwarto mo ba ito o haunted room?"

Natawa siya. "This is my room, ano ka ba! I collect strange things at hindi iyon gusto ng pamilya ko kaya dito ko inilagay ang mga ito. Don't worry, there's nothing here that can harm you."

"Weird. Kababae mong tao, nagko-collect ka ng mga morbid na bagay." Iniikot nito ang paningin sa kabuuan ng kuwarto.

Ang mismong four-poster bed ay may mga nakakatakot na decorations, may mga tila sapot ang paligid niyon at nalalagyan ng artificial leaves ang haligi at mayroon pang tila sawa na nakakapit sa headboard na kung pagmamasdang mabuti ay tila totoong malaking ahas.

Dumako ang paningin ni Oliver sa may bintana, mayroon doong transparent shape ng isang aswang. Ang TV nito, component, aircon at computer ay may nakakapit na ahas, palaka, uwak, insects at scorpion na nang suriin niyang mabuti ay nalaman niyang totoo pala at naembalsamo lamang.

He could not believe this woman. May gana pa itong paupuin siya samantalang ang sofa nito ay

may nakakapit na matigas na butiki at ipis.

"I'm sorry to say this but were you in your normal state of mind while collecting all these stuff? Sanay akong makakita at makaharap ng patay na tao, pero ngayon ko lamang nalaman na mas nakakatakot pala ang mga patay na hayop."

"Anong patay na tao? Embalsamador ka ba?" Napangiwi si Carolina sa sariling tanong.

"Never mind." Naupo si Oliver sa sofa. "Hindi ka ba natatakot dito sa kuwarto mo, baka mamaya magsibangunan ang mga iyan at kainin ka."

Sarkastikong tumawa ang dalaga. "Let's not discuss my room, okay? Let's discuss our next move. In the meantime, dito muna tayo sa kuwarto ko. Hindi tayo puwede sa labas kasi baka may makarinig sa ating kalaban. Mamaya mananaghalian sina Papa't Mama at doon tayo magpapakita sa kanila."

"Hindi ka ba natatakot na baka ano'ng gawin ko sa 'yo? Hindi mo pa ako lubos na kilala, Carolina."

She shrugged her shoulders. "Hindi ako natatakot. I can defend myself and I trust you. Dinala nga kita dito sa kuwarto kahit ngayon lang kita nakilala."

Tila naman nasaling ang loob ni Oliver sa sinabi ng dalaga.

Nag-usap sila sandali tungkol sa mga dapat nilang gawin. Mayamaya ay tumayo ito at nagbukas ng closet.

“I need to take a bath, Oliver. Nanlalagkit ako. Would you mind kung iiwan muna kita?”

“I wouldn’t mind kung isasama mo ako,” pilyong aniya.

Pinandilatan siya nito bago binuksan ang pinto ng banyo, bitbit ang mga pamalit. Napailing si Oliver. She was one heck of a woman.

# 3

Kinakakabahan si Carolina habang tinatahak nila ang daan papunta ng dining room. Iyon ay kahit binigyan na siya ni Oliver ng assurance na hindi siya nito pababayaan at gagawin nito ang lahat para mapaniwala ang mga magulang niya, hindi pa rin mapigilan ang nerbyos. Katunayan ay napakahigpit ng hawak niya sa kamay ni Oliver dahil nanginginig talaga siya.

Sa kabila ng samu't saring pakiramdam, nagawa pa rin niyang magtaas ng paningin at salubungin ang tingin ng mga magulang.

Shock registered on her face nang mapagtantong hindi galit ang mga magulang niya.

Tumikhim si Oliver; lalo namang humigpit ang pagkakakapit niya sa kamay nito.

"Good evening, Sir, Ma'am," magalang na bati nito. "Kung nagtataka ho kayo kung bakit magkasama kami ng anak n'yo, iyon ho ay dahil mahal ko ho siya. Patawarin n'yo ho ako, Don Alberto, kung naglihim ako sa inyo." Sa bilis ng mga pangyayari ay hindi na niya alam ang gagawin, nagpapasalamat na lang

siya at may presence of mind ni Oliver.

"Ginulat mo naman ako, hijo. And what a coincidence. Akalain ko bang anak pa pala ng kaibigan ko ang nobyo ng anak ko. Please take a seat. Paano nga pala kayo nagkakilala ng anak ko?" malumanay na anang papa niya.

"Nagkakilala ho kami sa hospital kung saan ako nagtatrabaho. Naospital ho minsan ang kaibigan ni Carolina, siya ang nagdala. I don't know what kind of spell she placed on me, because the very first time I laid my eyes on her ay na-in love na agad ako sa kanya. Since then, hindi ko na siya pinakawalan."

Nagugulat si Carolina sa mga binibitiwan nitong salita, oo nga at kalahati sa sinabi nito ay ayon sa kanilang napag-usapan, pero ang setting, bakit sa hospital?

Nagtatrabaho ba ito sa ospital? Bilang ano? Napapitlag pa ang dalaga nang muling magsalita si Don Alberto. "Carolina, do you have something to say?" tanong nito.

"Yes, Papa. Oliver is the reason kung bakit ayaw kong pakasalan ang lalaking gusto n'yo para sa akin."

"Simon. His name is Simon Golez," madiin na anang kanyang ama.

Nang mapatingin siya kay Oliver, umiwas lang ito ng tingin. Naisip niyang magaling talaga itong umarte. Nagmistulang ayaw nitong pag-usapan ang lalaking ipinagkasundo sa kanya. “I’m sorry po, I really don’t want to marry him. I just hope makahanap siya ng babaeng totoong magmamahal sa kanya.” Tila tumigil ang mundo nang sandaling iyon, lahat ng mga mata ay natuon sa kanya. “Papa, please understand. Si Oliver po ang mahal ko,” pag-arte niya.

Unti-unting ngumiti ang matandang lalaki. “Mabuti na lang pala at hindi natuloy si Simon sa pagparito. Sige, sasabihin ko na lang sa kanya ang desisyon mo at nang hindi na siya pumunta pa rito.”

Nagpasalamat si Carolina sa Diyos sa nangyaring iyon. Umaayon ang pagkakataon sa mga plano niya, tila nalilis na ang kuwento tungkol sa arranged marriage, pero siyempre hindi pa panahon para magdiwang siya, marami pang puwedeng mangyari.

“How long will you be staying here?” baling ng don sa binata.

“Nakapagpasa na po ng vacation leave sa hospital. Three weeks po.”

Nakangiting bumaling ang mama niya sa

binata. “You can stay here in the mansion, hijo. Magpapahanda ako ng kuwarto at doon ka tutuloy.”

“Oliver…” tawag ng papa niya, sabay silang napabaling dito. “Alam mo, kilala na kita at ang pamilya mo, kaya sana hindi masira ang pagsasama natin dahil dito. Huwag na huwag mong sasaktan ang anak ko. Kung magkaganoon, hindi kita mapapatawad.”

Bahagyang tumawa si Oliver sa sinabi ng don. “Asahan n’yo ho, Don Alberto, mahal ko ang anak n’yo at hindi ko siya sasaktan.” Napalunok siya sa sinabi nito. Ano ba itong napasukan niya? Palaki nang palaki ang kasinungalingan nila.

“Aasahan ko ’yan. Ano ang mga plano n’yo ngayon?” Nagpalipat-lipat ang don ng tingin sa kanilang dalawa.

“Kung papayagan n’yo ho kami’y pakakasalan ko ang anak n’yo. Handa ko ho siyang pakasalan, iyon ho ay kung okay lang kay Carolina.” Binalingan siya ni Oliver at saka hinawakan ang mga kamay niya, bahagyang pinisil ang mga iyon.

Nagulat siya sa deklarasyon ng binata, walang kasal silang napag-usapan. “Let’s not talk about it yet, Papa, it’s still early for that. We’re still in the

process of getting to know each other."

"Kung ganoon, pumapayag akong dumito ka muna, pero I'll be keeping my eye on both of you at all times," babala nito.

Nakahinga nang maluwag si Carolina. Naiilang pa rin siya dahil sa sulok ng kanyang mga mata, nakikita niya ang manaka-nakang pagnanakaw ng tingin ng mga magulang sa kanila ni Oliver lalo na at extra sweet ang binata sa kanya. Mas lalo siyang naiilang sa mga ginagawa sa kanya nito dahil hindi siya sanay roon. Isa pa, wala pang isang araw silang magkakilala, pero tila matagal na niya itong kilala at ganoon na lang ang reaksyon ng katawan niya sa mga ginagawa nito.

PAGKATAPOS ng kanilang pagpapakilala sa mga magulang ay inakay niya si Oliver sa garden. Marami kasi siyang gustong sabihin at linawin sa binata.

"Ano'ng sinasabi mo kanina kay Papa na sa isang hospital tayo nagkakilala kung saan ka nagtatrabaho? Alam mo ba'ng mga sinasabi mo? Kapag nag-usisa uli si Papa, hindi ko na alam ang sasabihin ko," nanggigigil na sabi ni Carolina.

"No doubt, mas kilala pa ako ng papa ng nobya ko."

"I'm serious! Kanina hinete ka at ano naman ngayon sasabihin mo, na janitor ka? Oh, give me a break!"

"Pero wala naman akong sinabing hinete ako, ikaw lang ang nag-iisip noon."

"So you're working in a hospital?"

"I'm an orthopedic surgeon, sa *St. Luke's*."

Napaawang ang bibig ni Carolina. "You're kidding me, right?"

Binanggit nito kung saan-saan ito nag-aral at kailan ito nag-graduate.

Hindi siya makapaniwala na ang kabiruan niya at idinamay sa kanyang pagsisinungaling, ay isa palang doktor. At hindi niya akalain na may doktor din palang pilyo.

"Then, what are you doing in the kuwadra this afternoon? You told me you're looking after the horses."

"Nabalitaan kong mahilig pala sa kabayo si Don Alberto and since I have some breed of horses

at nabanggit din niya na malapit na ang laban ng mga kabayo niya, so I volunteered to see his horses. From here, nalaman ko nga na nawawala ang bunso niyang anak na matigas ang ulo."

"Hindi matigas ang ulo ko! Ipinagtatanggol ko lang ang sarili ko dahil inoobliga nila akong pakasalan ang lalaking ni hindi ko pa nakikita."

Nakita ni Carolina na biglang naging seryoso ang mukha nito.

"Paano kung bigla na lamang sumulpot ngayon dito ang lalaking iyon and by some twist of fate, you suddenly realize that you like him and that you want to marry him."

Natigilan si Carolina. *Posible kaya iyon?* naitanong niya sa sarili niya. *Pero ikaw ang gusto ko, Oliver.*

"That's impossible!" *Ngayon pang nakilala na kita?* gusto niyang idugtong.

"Hindi ako interesado sa kanya at ayoko siyang kilalanin." Natigilan ito at matamang nag-iisip. "Ano'ng iniisip mo?"

Tiningnan niya ito; ngayon lang niya ito napagmasdan nang malapitan. Bumilis ang tibok ng

kanyang puso sa pagkakatitig nito. Tila mayroong apoy sa mga mata nito.

"I'm thinking how interesting you are. Those lips…" At tinitigan nito ang mga labi niya. Napalunok si Carolina dahil hindi pamilyar ang damdaming lumulukob sa kanya nang mga sandaling iyon.

"Iniisip ko kung ano'ng pakiramdam nang mahalikan ang mga labing 'yan." Bumaba muli ang mga mata nito sa bibig niya at bago pa niya mamalayan ay lumalapit na ang mukha nito sa kanya. Parang may hipnotismong hatid ang tingin nito at hindi niya magawang lumayo. Nanuyo ang lalamunan niya at napalunok siya. Before she knew it, he was kissing her soft lips then gently searching her tongue against his. The feeling was wonderful that she could not help but respond to his kisses with the same intensity.

The kiss went deeper and more eager and she felt his one palm caressing her back and the other over her left breast. His hand slowly moved and fondled both her breasts until her nipples turned hard. They both moaned in delight.

Napamulagat si Oliver. Dinig niya ang warning bells sa loob ng utak niya. Kailangan na niyang huminto.

Kapwa pa sila humihingal nang maghiwalay. Napatiim ng tingin ni Oliver at hindi niya kayang salubungin iyon.

Mayamaya ay walang anuman siya nitong niyapos at isinandig sa dibdib. "You're vulnerable, Carolina. And I don't want to take advantage of you," bulong nito habang hinalik-halikan ang buhok niya. "Nonetheless, I don't regret kissing you."

Tiningala niya ito. Did she like the kiss? Oh, there was no question about it. It was so obvious that he was an expert. Pero hinding-hindi niya iyon aaminin sa lalaki.

Mabilis siyang kumalas nang makarinig ng tunog mula sa likuran nila. Naroon si Yaya Mila at ipinagbigay-alam nito sa binata na handa na ang kuwartong tutulugan nito.

Namula ang mukha ng dalaga. Nakita kaya ng matandang babae ang ginawa nila ni Oliver kanina?

Naroon pa rin ang matandang nag-alaga sa kanya mula pagkabata nang yapusin siyang muli ni Oliver at bulungan. "Next time, I'll make sure you'll be craving for more…"

Bago pa siya nakasagot ay nakalayo na ito. Inakbayan nito si Yaya Mila at habang papalayo ay

nagtatawanan pa ang mga ito na parang matagal nang magkakilala.

Napabuntong-hininga si Carolina. Kakaiba ang dulot sa kanya ng pagdating ni Oliver. Wala pa halos isang araw niya itong kasama ngunit tila kay tagal na niya itong kilala.

And the kiss? She loved it. Period.

And yes, tama si Oliver patungkol sa halik. She was definitely hungry for more.

NAGBABAD si Carolina sa bathtub. Minabuti niyang i-relax ang isipan. Pagkatapos niyon ay maaga siyang nagpahinga. Pasado alas onse na ng gabi nang marinig ang marahan at sunud-sunod na mga katok sa pinto. She immediately put on her robe and opened the door.

Nagulat siya nang mabungaran ang guwapong mukha ng lalaking hindi na nabura sa isipan niya.

"Naistorbo ba kita? May I come in?" anas nito.

"Gabi na, Oliver. Baka may makakita sa 'yo dito, lagot tayo kay Papa," aniya pagkabukas ng pinto. But deep inside, kinikilig siyang isiping gusto nitong magkasarilinan sila.

"Shh…" Isinara nito kaagad ang pinto. "Oops…" Nagkunwari itong natatakot sa paligid. Umatras pa ito at humawak sa braso niya. Napapitlag si Carolina sa ginawa nito. Nagkunwari siyang natatawa para pagtakpan ang uneasiness na nararamdaman.

"Kung hindi lang kita nami-miss, nungka kitang pupuntahan dito sa kuwarto mong nakakatakot." Iniharap siya nito at matamang tinitigan. "Kidding aside, Carolina, I miss you like crazy. I want you near me always…" anito sa pagitan ng paghalik-halik sa kanyang kamay. "Ikaw pa lamang ang tanging babaeng nakagawa nito sa akin, ginugulo mo ang isipan ko at parang lagi kitang gustong nakikita. Do you believe me, sweetheart?"

"But we barely know each other, Oliver. Baka nagkakamali ka lang. Isa kang doktor, and I'm sure you got a girlfriend waiting for you in Manila."

"But I don't have a girlfriend. No other woman had made me feel like this. Believe me, Carolina…" Ramdam niya ang restlessness sa boses nito. Maybe he needed her too, like the way she needed him.

He kissed her forehead, her eyelids, her cheek… at ang hindi pamilyar na damdamin ay muling lumukob sa kanya at muling nagningas. Tila iyon isang apoy na marubdob na dumadaan mula sa

kanyang balat papunta sa kanyang puso.

And before she realized it, his lips were on hers, growing hard and demanding. Tinugon niya ang mga halik nito.

Humihingal sila pareho nang maghiwalay. Nang titigan siya ni Oliver ay naramdaman niya ang pag-iinit ng kanyang pisngi.

"Ngayon ka pa nahiya," tumatawa nitong sabi. Sumiksik si Carolina sa dibdib nito and he kissed her forehead once more.

"Puwede nating subukan nang may nakamasid na mga pinatigas na hayop. Gusto kong maranasan 'yun nang kasama ka," anas nito habang nilalaro ng dila ang tainga niya.

She sighed in contentment. "Kung ayaw mo dito, puwede tayong lumipat sa kuwarto mo."

Napahinto ito at tinitigan siya. "Carolina?" Tila hindi ito makapaniwala sa sinabi niya.

"I want you too, Oliver…" Her body was on fire at parang nabura na sa isip niya ang kaliit-liitang alinlangan.

"Are you sure?"

Hinalbot niya ang batok nito at hinagkan ito nang mariin sa labi bilang tugon. Walang lipat-sandaling tumugon si Oliver at pinangko siya nito palapit sa kama. Pagkalapat ng likod niya sa kutson, dali-daling hinubaran siya nito. And her hand seemed to have its own mind. Halos mapunit niya ang t-shirt ng lalaki sa pagmamadaling mahubad iyon.

Oliver went on top of her, kissed her neck while his fingers gently skimmed the curves of her breasts. It took her breath away. She was stunned when she felt his lips kissing her there. She grabbed his hair to stop him but it was too late.

# 4

Nang magising si Carolina ay mataas na ang araw, nagulat pa siya nang madiskubreng hindi naka-set ang kanyang alarm clock. Saka lang niya naalala ang nangyari nang nagdaang gabi.

Nang tingnan niya ang katabi ay wala na roon si Oliver; marahil ay bumalik na ito sa sariling kuwarto. Naramdaman niya ang kirot sa pagitan ng kanyang mga hita. At nang tumayo siya ay kasabay na sumakit ang kanyang ulo.

Pero wala ang kirot na iyon kumpara sa naramdaman niyang kaligayahan kagabi. Oliver turned her into a woman. Napangiti siya sa alaala.

Bago siya bumaba at nagtungo sa kusina, siniguro muna niyang maganda na siya sa ayos niya. Hindi naman siya nabigo dahil napansin niyang may kakaibang kislap ang mga mata niya nang tingnan niya ang sarili sa salamin nang umagang iyon. She looked fresh and beautiful. Naka-pony tail ang mahaba niyang buhok at suot niya ang simpleng floral blouse at black mini-skirt.

She was not ignorant about love kahit na hindi

pa siya nagkaka-boyfriend. And damn! Looking at her reflection now, she was definitely seeing a woman very much in love!

NAGULAT si Carolina nang salubungin siya ng dalawang pamangkin, parehong panganay na anak ito ng kanyang Ate Divina at Ate Monica.

"Where are your mothers? At kailan pa kayo dumating?" tanong niya sa mga ito, habang hawak ang mga ito sa magkabilang kamay at iginagala ang tingin sa dining room.

"Tita Carol, what took you so long? We've been waiting for you for ages," anang mas nakababatang paslit na si Kate.

Bago pa siya nakapagtanong, napansin na niya ang mga tao sa dining room. Gulat na gulat siya dahil mistulang nagka-reunion sa bahay nila!

Naroon sa dining table ang mga magulang, ang dalawang ate niya at ang buong pamilya ng mga ito. At naroon din buong-pusong nakatunghay sa kanya si Oliver. Ano ang mayroon sa petsang ito? Kulang na lang ay naroon din ang Kuya Gabriel niya at ang Ate Lilybeth niya.

"ALAM MO, Oliver, nagtataka ako diyan kay Carolina," mayamaya ay basag ni Divina sa katahimikan habang kumakain na silang lahat. "Dati-rati maaga pa lang ay nangangabayo na, pero dumating ka lang dito, parang nagbago na ang kanyang daily routine."

"Iba talaga ang nagagawa ng pag-ibig, sweetheart," sabat ng asawa nitong si Roger. "Para namang hindi mo napagdaanan 'yan n'ung makilala mo 'ko." Tawanan ang lahat sa sinabi nito, kinurot naman ito sa tagiliran ng kanyang ate.

"You know, I think she's just trying to be a good girlfriend now. Probably, she realized she's not getting any younger," ani Monica na matanda lamang sa kanya ng dalawang taon. Hinarap nito ang nobyo niya. "Mabuti na rin 'yun at napabago mo ang boyish naming kapatid, Oliver."

Sobrang pagkapahiya na ang nararamdaman niya noon. Si Oliver naman ay wala yatang balak na sagipin siya. Kaya nag-isip siya ng puwedeng sabihin para mailihis sa kanila ang usapan.

"Bakit nga pala nandito kayo lahat? Malayo pa naman ang anniversary nina Mama, ah. Sino ba'ng may birthday?" tanong niya.

“Walang may birthday,” nakangiting sagot ni Divina. “Sinabi sa akin ni Mama na may nobyo ka na daw. Oliver is a good man, Carol, huwag mo na siyang pakawalan. And we assumed na kasalan na ang susunod nito.”

Awtomatikong lumipad ang tingin ni Carolina sa mga magulang. Nakangiti ito nang masalubong niya ang mga mata. “Iyon nga rin ang inaasahan namin ng papa ninyo kaya namin agad na binalitaan kayo,” sagot nito.

*Patay*, naisaloob ni Carolina. Palaki nang palaki ang nagawa ng pagsisinungaling nila ni Oliver. Makakalabas pa ba sila sa sitwasyong iyon?

“Oo nga pala, bayaw,” ani Bob na bumaling kay Oliver. “Nakita mo na ba ang mga collection ni Carolina?”

Nagkatawanan ang lahat. Ipinaliwanag naman ng binata na naiintindihan nito ang hilig niyang iyon. Nagkakantiyawan pa ang magkakapatid nang marinig ang linya ng ‘nobyo’ niya na, ‘*It’s one of the reasons why I love her. Carolina’s just one of a kind.’*

“So kailan naman ang kasalan?” tanong ng kanyang Ate Monica.

“Depende kay Carolina. Kung ako ang

tatanungin, I want to marry her as soon as possible," nakatitig sa kanyang turan ni Oliver.

Nag-init ang mga pisngi niya. Parang nalilito na siya kung kasama pa ba sa pagpapanggap nila ang sinasabi nito.

"Bilisan n'yo na ang pagdedesisyon." Tawanan sila sa kikay na pagkakasabi ni Divina.

"Malapit na ang kabuwanan ni Lilybeth. Bawal sa mga buntis ang mahabang biyahe kaya hintayin na natin ang baby n'un," tukoy ng don sa pangatlong anak.

"Ayos pala, kulang dalawang buwan ka na lang maghihintay, ayaw!" biro ni Roger kay Oliver, sabay tapik sa likod nito.

Nagkatawanan ang lahat. Si Carolina naman ay labis na namamangha sa warm welcome ng kanyang pamilya kay Oliver. Tila napakakomportable ng pakikitungo nito sa mga kapatid niya.

"HOW ARE you feeling now?" tanong ni Oliver kay Carolina nang magkasarilinan sila sa wakas. Nakaupo sila sa isang bench sa garden. Nakaakbay ito sa kanya samantalang nakayapos naman ang

isang braso niya rito.

"I'm okay!"

"I thought you would be very exhausted at nag-alala ako kanina na baka tanghaliin ka ng gising. But looking at you now, you looked so radiant. Parang hindi ka napuyat kagabi," biro pa nito.

"You made me very happy last night," walang kiyemeng sabi ni Carolina.

"I know. Napakalakas nga ng daing mo…" Sa panghihilakbot niya ay ginaya pa nito ang pag-ungol niya.

Dali-dali niyang tinakpan ang bibig ni Oliver. "Stop it! Baka nakakalimutan mong doktor ka. You look stupid."

Tinanggal nito ang kamay niya para makapagsalita. "At kailan pa naging stupid ang pagsasabi ng totoo?" Kinurot niya ito sa tagiliran at nag-anyo itong nasasaktan. "Now, you're hurting me. Samantalang kagabi, kulang na lang magmakaawa kang—"

"Oliver!" pasigaw na saway niya. Tumawa ito nang malakas saka siya niyapos.

"Honestly, Carolina, you made me very happy,

too. Maraming salamat sa ibinigay mong tiwala. I promise that I will do my best to make you happy always."

*Pero hindi iyon ang gusto kong marinig mula sa 'yo*, samo ng puso niya. At ano ba ang gusto niya, kasal?

Ginawa nila kagabi ang isang bagay na ginagawa lamang ng mag-asawa. At siya na rin ang nagsabi na ang kasal ay sakop ng dalawang nagmamahalan. Dapat kasali doon ang pag-ibig. Pero hindi siya nito iniibig.

Natigilan si Carolina. Tinitigan niya si Oliver at parang nag-sommersault ang kanyang puso. Sa oras ding iyon, inamin niya: In love na siya sa isang lalaki na nakilala lang niya kahapon.

Seryoso ang mukha nito habang nakatingin sa malayo na tila kay lalim ng iniisip.

But bakit nga ba ngayon lamang niya napansin iyon? Parang pamilyar ang mga mata nitong malalamyos—na tila ba nakilala na niya ito sa nakaraan. Hindi siya puwedeng magkamali, pero parang nakita na niya ang mga matang iyon.

"I love you…" bulong niya.

TINUPAD ni Oliver ang pangako nitong magiging masaya si Carolina sa piling nito. Walang sandaling hindi siya nakatawa habang kasama ito. Kasama ng kanyang mga pamangkin, namasyal sila sakay ng kabayo at nililibot ang buong rancho.

Nang silang dalawa na lang, nanghuli sila ng mga isda at iihawin, doon na rin sila kumain sa tabing ilog. At pagkatapos ay sabay silang naligo at pinagsaluhan nilang muli ang tamis na hatid ng pag-ibig.

"Gusto mo bang ihatid na kita sa kuwarto mo?" tanong sa kanya ni Oliver. Kagagaling lang nila sa pamamasyal nang mga sandaling iyon.

Natawa si Carolina sa tanong nito. Halos ayaw siya nitong pakawalan sa higpit ng pagkakahawak nito sa kamay niya.

"Doon na lang tayo sa kuwarto mo…" nang-aakit na sabi niya, "… kung gusto mo."

"Silly girl," anito.

Halos patakbo nilang tinungo ang silid ng binata. Naghahagikgikan sila dahil para silang mga magnanakaw sa pagtalilis.

Agad na hinubad ni Carolina ang kanyang damit

pagkapasok nila sa silid ng nobyo. Tumuloy siya dali-dali sa banyo na nasa loob din ng kuwartong iyon.

Ilang sandali pa sumunod doon si Oliver. They sofly caressed each others' body. Passion exploded in their every nerve at nagmamadali ang kanilang mga galaw na tila ba mayroon silang hinahabol.

Iniyakap niya ang mga braso sa batok ni Oliver nang pangkuin siya nito. Inihiga siya nito sa kama matapos siyang tuyuin ng tuwalya.

"You're so beautiful, Carolina." Tumingin ito sa mga labi niya at dahan-dahang inilapit ang mukha.

Malalim ang mga halik nito na para bang kay tagal nilang hindi nagkita gayung magdamag kagabi at buong maghapon kanina silang magkasama.

Naramdaman niya ang dila nito na malanding sumasaliksik sa kanyang bibig at tinikman ang katamisan niyon. Tinugon niya iyon; ginaya niya ang ginawa nito.

"Saan mo natutunan 'yun?" nakangising tanong ng kasuyo. Ang mga kamay nito ay humahaplos sa kanyang likod.

"Sa 'yo. Luko-loko."

Napangiti ang binata, saka ipinagpatuloy ang

ginagawa. Napasinghap si Carolina nang halikan siya nito sa batok at leeg. Bolta-boltaheng kuryente ang tumuloy sa pinakaugat ng kanyang puso. Pinagapang nito ang labi sa likod ng kanyang tainga at nagtagal ang paghalik doon.

Mayamaya, lumipat sa kanyang tiyan ang bibig nito at naglakbay paitaas. Nasabunutan niya ito, kasabay ng pagsinghap nang salitang kupkupin ng maiinit na labi nito ang dibdib niya.

Kapwa sila natigilan nang marinig nila ang sunud-sunod na katok sa pinto at ang boses ni Divina mula sa labas ng silid. Awtomatikong itinulak niya ang binata at hinagilap ang summer dress niya.

"What are you laughing at? Get dressed, quickly," pabulong na sita niya. Humabol pa ito ng isang matunog na smack sa pisngi niya.

"Saan ako magtatago?" out of frustration ay tanong niya.

"Huwag ka nang magtago," nakangising anito.

"Saan?" ulit niya, kasunod ng matalim na irap.

"Under the bed." Dali-daling sumiksik siya roon. Pumuwesto na rin ito para buksan ang pinto.

Bumungad ang nagtatakang anyo ni Divina.

"What took you so long? Do you have company here, Oliver?" Luminga-linga ito sa loob ng silid.

"Wala. Nagsa-shower ako kaya hindi ko narinig ang pagkatok mo," narinig niyang sabi ni Oliver.

"I just came here to tell you na nakahanda na ang hapunan. Sige, at tatawagin ko pa si Carolina."

Wala siyang narinig na sagot mula kay Oliver at dahil nakatalikod siya sa pinto ay hindi niya makita ang mga ito.

Napapitlag na lang siya nang may maramdaman siya sa kanyang paa, nakita niya roon si Oliver. Hinila siya nito palabas sa kinaroroonan at saka marubdob na hinalikan.

Marahang pinigil niya ito. "I have to go, Oliver."

Tumango ito at saka siya binitawan.

Mabilis siyang tumalilis sa silid. Sa terrace siya dumaan dahil may pinto rin doon patungo sa kuwarto niya.

Hindi siya mapakali, sa kaba na baka nakarating na roon si Divina at mahulaang galing siya sa kuwarto ni Oliver. Nahalata kaya sila nito?

Nang walang anu-ano ay may kumatok

sa kanyang pinto, agad niya iyong binuksan. Nabungaran niya ang nakangiting anyo ni Divina.

"Dinner is ready," anitong may halong panunukso sa boses. "Mag-ayos ka ng sarili mo." Ininguso pa nito ang suot niya and she found out that she was still wearing her summer dress, without the undies.

Tumalikod na ito, pero muling humarap. "Siyanga pala, pareho ang tela ng suot mo sa basahang nakita ko sa ilalim ng kama ni Oliver," nakangiti nitong sabi saka mabilis na tumalikod.

*Oh, my God!* Bistado siya ng kapatid!